# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG AGOSTO 19, 2024, LUNES, IKA-09:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME mai
DATE 082924
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
29 AUG 2024
Santa Cruz, Laguna

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 304-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 46-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T2024 NG BARANGAY SANTO ANGEL NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAAS NG ALLOWANCE NG MGA KATULUNGIN AT BARANGAY TANOD MULA BUWAN NG ENERO HANGGANG DISYEMBRE PARA SA TAONG 2025.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 46-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2024 na nagtataas ng Allowance ng mga Katulungin at Barangay Tanod mula buwan ng Enero hanggang Disyembre para sa taong 2025;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Norman T. Tolentino, at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 46-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2024 ng Barangay Santo Angel Norte na nagtataas ng Allowance ng mga Katulungin at Barangay Tanod mula Enero hanggang Disyembre para sa taong 2025.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 19, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

8/26/24 386

LAM/CEL 24